MEMBER
CAPEI
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

# CAVITE NGAYON

THE TRUTH SHALL SET US FREE

TAGASULONG SA KAUNLARAN

YEAR 44 NO. 31 ISSN NO. 2619-8533 JANUARY 5-11, 2026 P10.00 PER COPY

# E-TRIKE BAWAL NA SA MAJOR HIGHWAYS



**Epekto na simula January 2 ang pagbabawal sa mga e-trike na dumaan sa major highways sa Metro Manila. Kabilang sa mga tinukoy ng Land Transportation Office (LTO) na kalsada na bawal na dumaan ang mga e-trikes sa:**

- **EDSA**
- **C-5 Road**
- **Roxas Boulevard**
- **Quirino Ave. hanggang sa Magallanes-SLEX.**

**Ang sinumang mahuhuli ay mahaharap sa kaukulang multa at posible ring ma-impound ang kanilang e-trike alinsunod sa Land Transportation and Traffic Code at Joint Administrative Order No. 2014-01.**

**Layon nito na maiwasan ang aksidente at matiyak ang kaligtasan at kaayusan ng bawat lansangan sa rehiyon.**

# IMUS VDC at MAGALLANES WOMEN'S CLUB MPC. TUMANGGAP NG PARANGAL MULA SA VILLAR FOUNDATION

IMUS. Cavite- Dalawang samahang pang-komunidad sa lalawigan ng Cavite ang kabilang sa 18 organisasyon na pinangaralan ng Villar Foundation bilang mga natatanging community- based organization mula sa iba't ibang panig ng bansa.



Former Senator Cynthia Villar

Ang Imus Vendors Development Cooperative (VDC) sa Imus City at ang Magallanes Women's Club Multi- Purpose Cooperative Magallanes, Cavite ay kinilala ng Villar Foundation bilang outstanding community- based organizations sa ginanap na 2025 Villar Foundation Awards for Poverty Reduction na ginanap sa Vista Global South sa Las Piñas City kamakailan.

Ayon kay dating Senador Cynthia Villar na siyang managing director ng Villar Foundation, " It is our objective to help others ang recognize partners who also help communities rise from poverty.

Ayon pa rin kay Villar ang mga awardees ngayong taon ay nagpakita ng matatag na pamamahala, at matinding tulong o suporta sa mga magsasaka,mangingisda, mga kababaihan at "local enterprises traits" na

Turn to page5



**City Government of Bacoor:**
**The CESD Technical and Operation Team met to finalize the rollout of our new garbage collection scheme starting this January 5, 2026. We are committed to streamlining our operations to keep our city clean and green.**

# Over 4.5M workers benefit from wage hikes in 14 regions

MANILA – More than 4.5 million minimum wage earners in the private sector benefited from wage hikes in 14 regions in 2025.

According to the data from the Department of Labor and Employment (DOLE) released on Wednesday, the wage adjustments ranging from PHP20 to PHP100 were issued consistent with the policy of the National Wages and Productivity Commission (NWPC) on regular, moderate and predictable minimum wage increases.

The 14 Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPBs) namely: National Capital Region (NCR), Cordillera Administrative Region (CAR), Regions 1 (Ilocos), 2 (Cagayan Valley), 3 (Central Luzon), Calabarzon, Mimaropa, 6 (Western Visayas), 7 (Central Visayas), 8 (Eastern Visayas), 9 (Zamboanga Peninsula), 10 (Northern Mindanao), 12 (Soccsksargen ) and 13 (Caraga), have issued their respective Wage Orders this year.

Turn to page5

CAVITE NGAYON

VEN L. ZOLETA
+Founder

BAYANI N. ZOLETA
Publisher/Editor-in-Chief
ELIZABETH S. ZOLETA
Office Manager
HELEN N. ZOLETA
Comptroller

ELEONOR S. BANAD PAULA S. ZOLETA
Advertising

LOLITZ ESTRELLADO
Editor

Advertising Rates
P160.00 per col.cm Legal Notices
P200.00 per col.cm Commercial Ads
Subscription Rates
P180.00 6 months
P360.00 1 year

OFFICIAL WEBSITE:
www.cavitengayon.com

Office Address:
271 Virata Subd., Palico 3, Imus, Cavite
Cellphone Nos. 0969-0102911; 0916-3008472
and 0939-5282046
Telephone No. (02) 86870607

Cavite Ngayon is published weekly with circulation in the cities and province of Cavite.

MEMBER: PAPERPh CAPEI

# Pinuri ni Remulla ang NAPOLCOM sa makasaysayang pagkamit ng zerobacklog ng mga kaso

Pinuri ni Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Jonvic Remulla nitong Martes ang National Police Commission (NAPOLCOM) matapos makamit ang makasaysayang zero case backlog at tuluyang mawakasan ang 25-taong naipong humigit-kumulang 4,000 kaso—isang unang tagumpay mula nang itatag ang Komisyon.

Ayon kay Remulla, kaayon ito ng direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. na pabilisin ang pagproseso ng mga kaso sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan, gaya ng NAPOLCOM, upang mapalakas ang kahusayan at mas mapabilis ang takbo ng sistema ng hustisya ng bansa.

"Sa kauna-unahang pagkakataon mula nang maitatag ang NAPOLCOM, matagumpay na nakamit ng lupon ang zero backlog ng mga kaso. Nakapagtapos tayo ng mga kasong umaabot pa sa 25 taong gulang," pahayag ni Remulla.

Dagdag pa niya, "Sa masinop at masigasig na pagsisikap ng NAPOLCOM, naipakita nila sa lahat ng pulis na ang NAPOLCOM ay isang gumaganang komisyon; na ito ay isang bantay ng kapulisan; at na ito ay tapat sa mandato nito."

Sa ginanap na huling summary dismissal at En Banc Session nitong Martes, inihayag ng NAPOLCOM ang pagkumpleto sa huling anim na natitirang kaso, na tuluyang nagsara sa lahat ng 4,000 kasong nakabinbin sa loob ng nakaraang 25 taon.

Ikinredito ni Remulla ang tagumpay sa tuloy-tuloy at masusing pagsisikap ng Komisyon, at binigyang-diin na pinatitibay nito ang papel ng NAPOLCOM bilang epektibong civilian oversight body ng kapulisan.

Binanggit din niya na sa loob ng mahigit dalawang dekada ay hinarap ng Komisyon ang mga kahinaang institusyonal, ngunit ang mga reporma ay nagbigay-daan sa mas propesyonalisadong operasyon. "Ngayon, napropesyonalisa na natin ang serbisyo ng NAPOLCOM, at umaasa tayo na susunod ang hanay ng Philippine National Police (PNP) sa positibong epektong ito," ani Remulla.

Samantala, tiniyak ni NAPOLCOM Vice Commissioner Rafael Vicente Calinisan na ipagpapatuloy ng Komisyon ang pinabilis na paghawak sa mga kasong administratibo sa loob ng 60 araw upang maiwasan ang muling pagdami ng backlog.

Binigyang-diin ni Calinisan na ang pagkamit ng zero case backlog ay hindi laban sa kapulisan, kundi para sa pagkamit ng hustisya kapwa para


DILG Secretary Jonvic Remulla

sa mamamayan at sa mismong puwersa ng pulisya.

"Kaya nang maresolba natin ang 4,000 kasong ito, nagbigay tayo ng pag-asa. Yung ordinaryong taong nagsumbong, naaksyunan ang kanyang reklamo. Yung pulis na inosente, wala na siyang iniisip na kasong nakabinbin laban sa kanya. Pero yung pulis na abusado, siya ay natanggal na sa serbisyo," dagdag niya.

Dumalo rin sa nasabing sesyon sina Philippine National Police (PNP) Acting Chief PLTGen Jose Melencio Nartatez, Jr., at NAPOLCOM Commissioners Beatrice Aurora A. Vega-Cancio at Josephus G. Angan.

# EDITORIAL

## HINDI NA NATUTO

Nakalulunos ang mga lumabas na balita ukol sa New Year's celebration casualties, dahil lamang sa mga paputok. May nasayang na mga buhay, may nawasak na tahanan dahil sa sunog na likha ng paputok.

Ang mga tao kasi, hindi na NATUTO. Taon- taon, ganyan ang mga nangyayari. Sabi tuloy ng isang senior citizen na retired teacher, " Dapat magpasa ng batas para sa total ban ng mga paputok ang mga kinauukulan." Nasabugan sa mukha; naputulan ng daliri; nalapnos ang balat sa braso; napisak ang mata; 12- anyos, patay sa paputok; tindahan ng paputok, nasunog, 11 sugatan; improvised boga, gawa ng mga bata, at marami pang iba.

Tuwing sasapit ang buwan ng Disyembre hanggang Enero ng bagong taon, ganyan ang mga nagaganap sa iba't ibang lugar sa bansa dahil lamang sa mga PAPUTOK. Karamihan sa mga biktima at bata o meron de edad, pero mayroon ding mga may edad na o matatanda na (na walang pinagkatandaan?)

Sa pinakahuling tala ng Department ng Health (DOH), may 235 nang biktima ng mga paputok, at patuloy pang nadaragdagan.

Kwitis, pla pla, whistle bomb, boga, at kung anu- ano pa ang mga paputok na pinapaputok at nagdulot ng kapahamakan.

Ayon pa rin sa DOH, ang mga ospital ay nagsipaghanda ng mga gamot at instrumento sa pagdagsa ng mga mabibiktima (na naman) ng mga paputok ( ay, parang kunsintidor naman sila, ah)

Kung pakakaisipin lang, ang may kasalanan kung bakit maraming napuputukan o nabibiktima ang mga paputok ay sila mismo, at ang mga magulang ng mga bata.

Bakit ka gagamit ng isang bagay na alam mong delikado o mapanganib at makakasama sa iyo? Bakit mo papayagan o pababayaan ang anak mong bata na maglaro ng paputok at magkalat sa kalsada?

Salubong sa Bagong Taon? Dapat mag- ingay? Kung mag-iisip lang, maraming pwedeng gawin at gamitin para lumikha ng ingay sa pagsalubong sa Bagong Taon, sa simple at ligtas na paraan.

Hindi na kailangan pang isa- isahin, dahil kung may isip ka, maiisip mo ang mga iyan.

Ang kaligtasan ng tao ay nakasalalay sa kanyang sarili, sa tulong at gabay ng Diyos.

At sana, mag-isip naman tayo, matuto na, para sa susunod na taon ay wala nang maputukan. (mga pinutakan kayo ng -------- k)

# ERWIN TULFO PUSHES SENATE TO REVIEW...

FROM PAGE 6

lamented.

He then asked: "How can we expect our PWDs to reach their full potential if our very systems are rigged against them?"

A known ally of the PWD community, Senator Tulfo is also advocating for the lifetime validity of PWD IDs for those with permanent disabilities. This measure aims to remove the burden of renewing IDs every five years, which often incurs unnecessary costs and effort for the beneficiaries.

Furthermore, he urged the depoliticization of


Sen. Erwin Tulfo

PWD registration and called for a more efficient, centralized repository of records to ensure that aid reaches the rightful recipients without political interference.



Province of Cavite YEAREND

# Imus PNP tuloy-tuloy ang pagpapaigting ng Oplan Sita kontra Boga at open Mufflers

Patuloy ang maigting na pagpapatupad ng Oplan Sita ng Imus Police laban sa paggamit ng mga iligal na muffler at boga na nagdudulot ng labis na ingay at abala sa publiko, lalo na sa huling araw ng taon, Disyembre 31, 2025.

Muli, sa pamumuno ni Chief of Police PLTCOL Chey Chey I. Saulog, mas pinaigting ng kapulisan ang serye ng inspeksyon at kumpiskasyon sa mga open pipe at modified mufflers na lumalabag sa batas.

Katuwang pa rin ang mga barangay, tuloy-tuloy ang operasyon ng Imus PNP lalo na ngayong araw, kung kailan inaasahan ang mas mataas na bilang ng mga gumagamit ng iligal na muffler at boga.

Layunin ng kampanya na mapanatili ang kaayusan, mabawasan ang perwisyo, at tiyakin ang kaligtasan ng mga motorista at residente sa pagpasok ng taong 2026.

# Birthday Gifts para sa ating mga Senior Citizen sa Cavite City-Mayor Denver Chua



**Namahagi kamakailan si Cavite City Mayor Denver Chua ng isang munting handog ng pasasalamat at pagmamahal para sa ating mga Senior Citizen December celebrants ng Cavite City.**

**Nagpasalamat ang Mayor sa mga sakripisyo at kontribusyon sa Lungsod, kayo ang inspirasyon ng ating komunidad.**

**Nawa'y magdala ng saya at ngiti ang munting selebrasyong ito, dagdag ni Mayor Chua**




# Distribution of Assistive Devices in Trece Martires LGU



Bago matapos ang taong 2025, dalawang magkasunod na araw si Trece Martires Mayor Gemma Lubigan na nag-ikot upang ipagpatuloy ang pamamahagi ng mga wheelchair bilang bahagi ng ating malasakit sa mga Treceñong nangangailangan kasama si Vice Mayor Bobby Montehermoso. Kasabay nito ang personal na pagdalaw at taos-pusong pakikipagkamustahan sa bawat benepisyaryo.

Higit pa sa pagbibigay ng kagamitang makatutulong sa kanilang araw-araw na pamumuhay, layunin nating ipadama na naririto ang pamahalaang handang makinig, umunawa, at umalalay sa kanila anumang panahon.

At hindi rin ito maisasakatuparan kung hindi dahil sa inyo, maraming salamat tax payers, ani Mayor Lubigan.

# MAYOR STRIKE REVILLA HONORS FORMER BARANGAY CAPTAINS AT YEAR-END MEETING





Revilla Hall, December 29, 2025 – The City Government of Bacoor, led by Mayor Strike B. Revilla, held a year-end meeting today to recognize and thank the former barangay captains (Ex-Kap) of Bacoor.

Mayor Strike B. Revilla, along with Councilor Karen S. Evaristo, LnB Vice President Randy Francisco, Former Councilor Monching Bautista, and PLtCol Alexie Desamito (Bacoor PNP Chief), were present to acknowledge the contributions of the former officials.

The purpose of the meeting was to express gratitude for their dedicated service to Bacoor and their support for the Revilla family and the City Government of Bacoor during their terms as barangay captains. Mayor Strike emphasized the importance of their past leadership and their continued role in the community.

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE CALABARZON
EXCELLENT EXTENSION SERVICES BEYOND BOUNDARIES




## FEATURE STORY:

# 'Organic Encounter': Libangan noong Pandemya, Isa nang Matagumpay na Organikong Kabuhayan

Maraming pinahinto ang pandemya mula 2020 hanggang 2022. Kabuhayan, gawi ng araw -araw na pamumuhay, at maski ambisyon.

Ngunit para kay Camille Diana Maralit, isang kabataang magsasaka mula sa Tagkawayan, Quezon, nagbigay ng panibagong pagkakataon ang pandemya. Pagkakataon upang pagnilayan ang mga pangarap, nais gawin, at makadiskubre ng bagong pagkakaabalahang hindi niya lubos inakalang magbubukas ng maraming oportunidad.

Nagsimula lang iyon sa ilang gulay na itinanim niya sa mga lumang bote at paso sa bakuran. Walang malaking plano, walang malaking puhunan. Ani nga niya, "trial and error lang."

Kalaunan, hindi na lamang limitado sa mga gulay ang naroroon. Sumubok na rin siya sa pagtatanim ng mga kabute at pag-aalaga ng mga manok at baboy. Dito na napagtanto ni Camille na maaari niya itong kabuhayan sa gitna ng pandemya.

Unti-unting nagbago ang itsura ng bakuran. Mula sa simpleng pinagkakaabalahan, naging maliit na kabuhayan. At doon nagsimulang malinawan si Camille, "Minsan, sapat na ang kaunting tapang at pagkamausisa para makabuo ng malaking oportunidad."

Bago pa ito, mayroon nang pinanghahawakang kaalaman si Camille. Nagtapos siya sa kursong BS Agriculture mula sa Southern Luzon State University – Lucban, Quezon noong 2024. Pero para sa kanya, hindi sapat ang diploma para matawag ang sarili na magsasaka. Iba pa rin aniya kapag ikaw mismo ang humahawak ng lupa, nag-aalaga ng halaman, at humaharap sa mga problemang minsa'y hindi nasasagot ng libro.

Kaya kahit maraming alam na teorya at konsepto sa agrikultura, bumabalik pa rin si Camille sa aniya ay "basics." Sa bakuran ng kanilang tahanan, nagtanim ulit siya—sa paso, sa sako, kung saan may espasyo. Nag-alaga ng hayop. Hanggang sa mas minahal niya ang kanyang ginagawa.

Alam din ni Camille na hindi kayang palitan ng online classes ang aktwal na karanasan. Kaya pinili niyang matuto sa paraan na pinakamalapit sa totoong buhay—"learning by doing," ika niya.

Nag-enrol siya sa iba't ibang kursong pang-agrikultura mula sa TESDA, gaya ng National Certifications (NC) II sa Organic Agriculture Production, Agro-entrepreneurship, Crop Production, at Swine Production. Lumahok din siya sa mga webinar, pagsasanay, at pagbisita sa mga farm upang mas matuto ng mga teknolohiya at pamamaraan. Nakinig din siya sa mga magsasakang deka-dekada na ang karanasan. Aniya, bawat payo, bawat kwento ng pagkakamali at pagani, may idinagdag na kumpiyansa sa kanya.

Sa kabila ng lahat ng ito, hindi huminto sa paghahanap ng oportunidad ni Camille. Oportunidad upang mas mapagyaman pa ang kanyang nasimulan. Dumating ang isang malaking pagkakataon nang makita niya sa Facebook page ng DA-ATI CALABARZON ang Youth Internship Program on Organic Agriculture o YIPOA. Ito ay isang programa ng DA-ATI kung saan sinasanay sa mga pamamaraang organiko at pagnenegosyo ang mga kabataang intern sa loob ng 21 buwan. Nagbibigay rin ito ng 150,000-piso na pondo para simulan ng mga nagtapos na intern ang kanilang binuong business plan.

Para kay Camille, para itong bukas na pinto na nakatadhana sa kanya. Aniya, ito ang maituturing na "organic encounter" sa pagsasaka. Mula Hunyo 2024 hanggang Marso 2025, nagsanay siya sa isa sa mga diversified farm at Private Agriculture and Fisheries – Extension Service Provider (PAF-ESP) sa rehiyon—ang Ouan's Worth Farm and Family Resort Corporation sa Lucena City. Ang kanyang pagsasanay ay sa ilalim ng paggabay ni G. Glen Gabales.

Doon niya naranasan kung ano talaga ang ibig sabihin ng "real-world farming"— hindi lang pagtatanim, kundi pagbuo ng desisyon, pakikipag-ugnayan sa tao, pamamahala ng negosyong pansakahan, at pagharap sa mga problemang kailangang solusyunan agad. Pag-uwi niya, dala niya hindi lang kaalaman, kundi lakas ng loob.

Kaya pagbalik sa kanilang lugar sa Tagkawayan, hindi na siya nagdalawang-isip. Sa lupang pagmamay-ari ng kanilang pamilya sa Brgy. Payapa, sinimulan niya ang Payapa Mushroom House. Simple lang ang hangarin: makapaghatid ng masusustansyang ani at produkto sa kanilang komunidad.

Nagsimula siya sa 1,000 fruiting bags ng kabute. Mahirap aniya sa umpisa. Hindi gaanong malakas ang demand. Sa puntong iyon, sa halip na sumuko, mas pinili ni Camille na magpatuloy at muling bisitahin ang plano. Mas inilapit siya nito sa reyalidad. Napagtanto niyang kailangan niya munang magsimula sa maliit papalaki

Ibinaba niya ang produksyon sa 300 bags at ang natitirang puhunan ay inilaan sa pag-aalaga ng mga organikong katutubong baboy at manok. Sa siyam na baboy na sinimulan niya—pitong patabain at dalawang inahin—unti-unting nabuo ang mas matatag at aniya'y mas "flexible" na kabuhayan.

Pagdating naman sa kanyang prayoridad na enterprise, ang produksyon ng kabute, aminado si Camille na wala talaga siyang background dito noong una. Pero gaya ng maraming bagay sa agrikultura, natutunan iyon sa pamamagitan ng tiyaga, pagkamausisa, at paulit-ulit na pagsubok.

Malaking tulong din aniya ang mga programa ng DA-ATI, ang paggabay ng kanyang mentor, at ang walang-sawang suporta ng kanyang pamilya. Mula sa pagiging intern, unti-unti siyang naging isang agripreneur na marunong magdesisyon, humarap sa hamon, at bumuo ng sariling tagumpay.

Ngayon, natitiyak niyang ligtas at masustansya ang bawat produkto dahil ito ay garantisadong organiko. Hindi na lamang din kabute, manok, at baboy ang binubuo ni Camille. Bumubuo siya ng kwento—kwento ng isang kabataang piniling hindi sumabay sa paghinto ng mundo. Sa halip, siya ay magtanim at sinimulan ang sariling agri-negosyo.

Isang paalala na ang pagkatuto ay hindi lang nangyayari sa loob ng silid-aralan. Na maaaring makakita ng bago at mas malaking oportunidad sa mga panahong tila nakabibin ang mga plano at pangarap. Bukod sa mga aral na ito, pinatunayan din ni Camille na kung minsan, mas malinaw ang mga aral kapag may lupa ang mga kamay, butil-butil ang pawis sa noo, at buo ang loob na ipagpatuloy at pagtagumpayan ang sinimulan.

**ERRATUM**

In the Notice of Affidavit of Loss executed by BANGIE R. PANGAN the buyer and current owner of a parcel of land with TCT NO. (057-2019036407) now 167-2021005419, the correct TCT No. should be TCT NO. (057-2019036407) now 167-2021005419 and NOT TCT NO. (057-209036407) now 167-2021005419 as published in the issues of Cavite Ngayon dated Dec. 1, 8 & 15, 2025.
Our Apology

**CN: Jan. 5-11, 2026**

# Key episcopal appointments shape...PAGE6

David William Antonio, outgoing bishop of Ilagan, was appointed archbishop of Nueva Segovia on Nov. 4, following the retirement of Archbishop Marlo Peralta. His installation is scheduled Jan. 14, 2026.

### Vatican, diplomatic, U.S. Church appointments

Outside the Philippines, Archbishop Bernardito Auza was appointed by Pope Francis as apostolic nuncio to the European Union on March 22, after more than five years as nuncio to Spain and Andorra.

In Rome, Pope Leo on May 24 gave Cardinal Luis Antonio Tagle, pro-prefect of the Dicastery for Evangelization, the title of cardinal of Albano.

The move was seen as a sign of trust, as Albano was Leo's titular see before his election as pope May 8.

Cardinals are symbolically attached to Roman churches or dioceses as a sign of their connection to the Vatican and the pope. Members of the Order of Cardinal Bishops traditionally receive one of the seven "suburbicarian" dioceses surrounding Rome.

The pope also named Laoag native Andres Ligot auxiliary bishop of the Diocese of San Jose, California, on Aug. 29. Ligot was ordained Nov. 3, becoming the sixth bishop of Filipino descent serving in the United States.

### Necrology

The Philippine Church also mourned the deaths of three prelates in 2025: Bishop Jose Bontolo of Masbate, and retired bishops Warlito Cajandig of Calapan and Nestor Cariño of Legazpi.

Bontolo died Dec. 13, leaving Masbate without a diocesan bishop. Cajandig died Oct. 21, while Cariño passed away May 24.

As the year ends, at least six ecclesiastical territories remain without bishops: the dioceses of Tagbilaran, Kalibo, Ilagan and Masbate, and the apostolic vicariates of Tabuk and Jolo.



# Cavite Tourism Introduces Nighttime 'Dark Heritage Tour' on Corregidor Island

**The Cavite Provincial Tourism Office has introduced a new nighttime tourism program on historic Corregidor Island, giving visitors a chance to experience its World War II landmarks after sunset.**

**Called the Corregidor Dark Heritage Tour, the evening program offers a more reflective way to explore the island, which played a crucial role during the Japanese invasion of the Philippines in 1942. The tour begins with an evening ferry departure from Cavite City.**

**Tourism officials said the initiative aims to deepen public understanding of Corregidor's wartime past by presenting its history in a more immersive setting. The nighttime environment, they noted, adds a solemn tone to the experience and encourages reflection on the events that unfolded on the island.**

**The tour package includes a 45-minute ferry ride, a guided tram tour of key historical sites, and camping gear for an overnight beach stay. Participants are also served meals modeled after the wartime rations of Filipino and American soldiers.**

**Stops along the itinerary include the Malinta Tunnel, the Pacific War Memorial, the Mile Long Barracks, several coastal artillery batteries, and the Corregidor Lighthouse.**

**Tourism officials stressed that the program is educational and historical in nature, not intended as a thrill or horror attraction. Its focus is on honoring the island's role in Philippine and World War II history.**

**Bookings and inquiries are available through the official social media pages of the Cavite Provincial Tourism Office.**

PhilHealth Your Partner in Health **News**

# *PhilHealth to disable old eClaims systems, version 3.0 mandatory by April 2026*

The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) is requiring all accredited healthcare facilities (HFs) to migrate to the eClaims 3.0 system, with the mandatory shift taking effect on April 1, 2026.

PhilHealth is set to disable all earlier iterations of eClaims on March 31, 2026, making version 3.0 the exclusive platform for submitting healthcare claims. This aims to enable a more efficient, standardized, and digital-first submission process.

To ensure uninterrupted service and claim processing, all healthcare providers are encouraged to complete their migration to the eClaims version 3.0 ahead of the scheduled deadline.

**Key changes to claims processing**

In addition to the software upgrade, the system migration introduces enhanced digital standards for documentation. The full implementation of the eClaims 3.0 now enforces strict digital filing rules for financial records:

Mandatory electronic SOA: For all admissions starting April 2026, claims must include a Statement of Account (SOA) in electronic format.

No more scanned PDFs: PhilHealth warned that claims submitted with SOAs in scanned PDF format will be automatically Returned to Hospital (RTH). This aligns with PhilHealth Circular 2023-0026, which aims to standardize electronic data submission for All Case Rates (ACR) and other identified benefits.

eClaims, or the electronic claims submission system, allows PhilHealth-accredited healthcare institutions to submit claims for patients' reimbursements directly to the state insurer, streamlining the process from patient admission to payment while reducing the need for physical paperwork and speeding up turnaround times.

The move to eClaims 3.0 and electronic SOAs is part of PhilHealth's initiative to automate data validation, reduce manual errors, and expedite the reimbursement cycle for healthcare providers.

To avoid disruptions in claim reimbursements, PhilHealth advises all accredited facilities to coordinate with their service providers and the PhilHealth Regional Office – IT unit to schedule the system upgrade and receive technical guidance during the migration process.

For assistance or further clarification, healthcare providers may reach out to PhilHealth through the Corporate Action Center Hotline at (02) 8662-2588 or via email at actioncenter@philhealth.gov.ph. (JMP/PIA-NCR)

# Over 4.5M workers benefit...FROM P1

The DOLE said all wage orders were issued motu proprio, majority of which were issued unanimously by the concerned RTWPBs.

The wage increases were made to take effect after anniversary date of the previous wage orders to reinforce policy stability that helps create an environment attractive to investments, which are needed to generate more decent, remunerative and productive employment.

The NCR is the region with the highest daily minimum wage rate ranging from PHP658 to PHP695 for workers in private establishments.

Meanwhile, the department noted that RTWPBs 11 (Davao Region) and 5 (Bicol) are set commence their minimum wage determination processes in January and February 2026, respectively.

**Pay hike for kasambahays**

It also reported that 11 wage orders granting monthly minimum wage increases for domestic workers were also issued by RTWPBs in CAR and Regions 1, 2, 3 Mimaropa, 6, 7, 8, 10, 11 and 13.

The increases range from PHP300 to PHP2,000 per month, benefitting 755,000 domestic workers in 2025.

The DOLE added that wage orders were issued in consultation with workers and employers to ensure balance between protection and needs, reasonable returns on investments and employment generation.

At the same time, it said about 8 million full-time wage and salary workers earning above the minimum wage are also expected to indirectly benefit from wage adjustments at the enterprise level, arising from the correction of wage distortions.

Wage distortion occurs when the implementation of a mandated wage increase (i.e. wage order) results in the elimination or severe contraction of intentional quantitative differences in wage or salary rates between and among employee groups in an establishment.

The NWPC has issued Advisory No. 01, Series of 2023 which provides guidance to correct possible wage distortions.

**Calamity-hit regions**

The DOLE, through the NWPC, has provided guidelines for an exemption mechanism for calamity-affected enterprises following the several typhoons that hit the country and caused significant challenges to businesses in affected areas.

Enterprises may inquire and apply through the RTWPB with jurisdiction over their business areas whether they may be eligible for a full exemption or for a specific minimum wage tranche, if any.

Businesses and workers are encouraged to visit the NWPC website at https://nwpc.dole.gov.ph/ or follow the NWPC Facebook page at https://www.facebook.com/dole.nwpc/for more details on the exemption process.

Likewise, DOLE urged businesses and workers to avail of existing DOLE programs, such as the Adjustment Measures Program (AMP), and take full advantage of the opportunities available to reduce and mitigate vulnerabilities from economic disruptions, including those resulting from natural calamities.

**Productivity initiatives**

RTWPBs were also instructed to roll out productivity improvement programs and gainsharing schemes designed to foster sustainable and long-term wage growth.

As of November 2025, the NWPC and the RTWPBs have provided productivity and orientation to 28,115 MSMEs, benefitting 32,211 employers and workers across the country.

Of this number, 3,525 MSMEs have successfully implemented their action plans, translating knowledge into actual and measurable productivity improvements in workplaces.

A total of 1,754 MSMEs also received technical assistance in designing and formulating Productivity-Based Incentive Schemes (PBIS). PBIS is a workplace-initiated program on improving the productivity of workers and enterprises to generate savings or additional revenues, which can be shared by enterprises with their workers.

The programs are focused on particular areas with lower productivity levels, and where implementation of these programs can significantly enhance overall efficiency. SOURCE (PNA)

**DRIVE SAFELY EVERYDAY**

# IMUS VDC AT MAGALLANES ...FROM PAGE 1


nakapag- ambag sa makabagong agrikultura at pagpapalakas ng value chains."

Ang 18 awardees ay pinagkalooban ng tropeo at 250,000 at may 2 special awardees na tumanggap naman ng 150,000 at certificate of recognition.

MEMBER

Prime Alliance of Publishers, Editors, and Reporters (Ph) Inc.
PAPER.Ph
Est 2019

# CAVITE NGAYON



TAGASULONG SA KAUNLARAN

YEAR 44 NO. 30 ISSN NO. 2619-8533 JANUARY 5-11, 2026 P10.00 PER COPY

# Cavite Marks Peaceful New Year Under 'Ligtas Paskuhan' Campaign



**Acting Provincial Director Police Colonel Ariel R. Red**

IMUS CITY, Cavite — The Cavite Police Provincial Office (PPO) reported a safe and orderly New Year celebration across the province, citing a significant drop in incidents under the government's Ligtas Paskuhan campaign.

According to police data, total New Year–related incidents fell by 75 percent, from 36 cases in 2024 to just eight cases in 2025. All recorded incidents involved injuries related to firecrackers and pyrotechnics. No cases of indiscriminate firing, stray bullets, road accidents, or firecracker-related fires were reported.

Acting Provincial Director Police Colonel Ariel R. Red credited the peaceful celebrations to effective law enforcement and public cooperation.

"Ang malaking pagbaba ng mga insidente ngayong Bagong Taon ay patunay ng epektibong pagpapatupad ng batas at ng kooperasyon ng ating mga mamamayan," Red said. "Sa tulong ng ating mga LGU at ng disiplina ng publiko, naging ligtas at mapayapa ang pagdiriwang ng Bagong Taon sa Cavite."

The Cavite PPO attributed the positive outcome to intensified operations against illegal firecrackers and loose firearms, increased police visibility, and close coordination with local government units.

Police officials also thanked the Caviteño community, partner agencies, and LGUs for their continued support in maintaining peace and order as the province welcomed the New Year.

"With Cavite PNP, your safety is our priority," the PPO said.

# Erwin Tulfo pushes Senate to review PWD Laws, seek true 'barrier-free' PH

MANILA, Philippines — Senator Erwin Tulfo has intensified his call for genuine inclusivity for Persons with Disabilities (PWDs) by filing a Senate resolution urging a formal inquiry into the implementation of existing PWD laws.

Under Senate Resolution No. 186, the appropriate committee is directed to conduct an oversight of the implementation of Batas Pambansa Blg. 344 (the "Accessibility Law") and Republic Act 7277 (the "Magna Carta for Persons with Disabilities").

"What is the sense of these laws protecting the rights of PWDs if accessible transportation and building features still fall short? Our PWDs are often forced to rely on others or risk their own safety just to move around," Tulfo said.

He added: "There should be no issuance of building permits or approval of government projects for structural designs that lack mandatory accessibility features!"

The Chairperson of the Senate Committee on Social Justice, Welfare, and Rural Development also underscored the prevalence of inaccessibility in public infrastructure.

"We see it on the news and social media—footbridges so steep that PWDs using mobility devices cannot navigate them safely. Even in public transportation, most designs are inconsiderate of the needs of the PWD community," Tulfo

Turn to page5

# Key episcopal appointments shape 2025 for Philippine Church

Episcopal leadership in the Philippines saw significant changes in 2025, with six new bishops and four archbishops appointed under Popes Francis and Leo XIV.

At least two new bishops were appointed by Pope Francis before his death on April 21.

On March 4, Francis named Rogationist missionary Herman Abcede bishop of the Diocese of Daet, filling a vacant see since Archbishop Rex Andrew Alarcon's transfer to Caceres in 2019. Abcede was ordained and installed May 1.

This was followed by the April 2 appointment of Daet priest Ronald Anthony Timoner as bishop of Pagadian, vacant since the death of Bishop Ronald Lunas in January 2024. His episcopal ordination and installation were held Aug. 13.

Glenn Corsiga of Ipil was the last Filipino bishop appointed by Francis, a week before the pope's death. A priest of the Diocese of Dumaguete, Corsiga was ordained July 29 and installed Aug. 14.

The Diocese of Ipil had been "sede vacante" following the transfer of Archbishop Julius Tonel to Zamboanga in August 2023.

Pope Leo made his first Philippine episcopal appointment May 16, naming Dave Capucao of the Prelature of Infanta to succeed retired Bishop Bernardino Cortez.

Capucao was ordained and installed Sept. 5, coinciding with the prelature's 75th founding anniversary.

Pope Leo on Oct. 4 also appointed Edwin Panergo bishop of Boac, succeeding Bishop Marcelino Antonio Maralit Jr., who was transferred to the Diocese of San Pablo in 2024.

Panergo, a priest of the Diocese of Lucena, was ordained to the episcopate Dec. 1 and installed Dec. 2.

On Nov. 21, the pontiff named Divine Word missionary Samuel Agcaracar bishop of San Jose in Nueva Ecija. He is scheduled for episcopal ordination Jan. 17 and installation Feb. 6.

Agcaracar will succeed Bishop Roberto Mallari, who now leads the Diocese of Tarlac.

## New archbishops

Several bishops were also elevated to archbishops during the year, reflecting wider leadership realignments.

Midyphil Billones, then auxiliary bishop of Cebu, was appointed archbishop of Jaro on Feb. 2 under Pope Francis and installed April 2. He succeeded retired Archbishop Jose Romeo Lazo.

Under Leo XIV, Alberto Uy, then bishop of Tagbilaran, was appointed archbishop of Cebu on July 16 and installed Sept. 30, succeeding retired Archbishop Jose Palma.

Charlie Inzon, then apostolic vicar of Jolo, was named archbishop of Cotabato on Sept. 8 and installed Dec. 8, replacing retired Archbishop Angelito Lampon.

Turn to page4